

**Prinsipe ng Kapayapaan****NOTES**

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

**WARM-UP**

- Ang panahon ba ng Kapaskuhan ay masaya o nakakapagod para sa iyo? Bakit mo ito nasabi?
- Ano ang nagbibigay sa iyo ng kapanatagan ng loob? Bakit ganito ang nagiging pakiramdam mo sa bagay na ito?
- Paano mo naayos ang isang hindi pagkakasunduan? Balikan ang isang pagkakataon na nagpapakita nito.

## WORD

*Ipapanganak ang isang batang lalaki na maghahari sa amin. Tatawagin siyang “Kahanga-hangang Tagapayo, Makapangyarihang Diyos, Walang Hanggang Ama, at Prinsipe ng Kapayapaan.” ISAIAH 9:6*

---

Para sa iba, ang Pasko ay isang panahon na nakakapagod, dahil na rin sa lahat ng paghahanda at pagsasalu-salo. Subalit maaari tayong magkaroon ng kapayapaan at kasiyahan sa panahong ito—o maging sa ano mang araw—anoman ang ating sitwasyon. Si Isaiah, na nagsulat 600 taon ang nakaraan bago ang kapanganakan ng Mesias, ay nagsabi na tutuparin ni Jesus ang napakahalagang pangako ng Diyos—ibinigay Niya sa atin ang kapayapaan ng Diyos. Ang kapayapaan na ito ay hindi dahil sa kawalan ng mga hindi pagkaka-unawaan. Bagkus, ito ay isang kalagayan na ganap o buo. Sa araling ito, ating titignan kung ano ang binigay sa atin ni Jesus, ang *Prinsipe ng Kapayapaan*.

## 1

### Panunumbalik

*Kaya ngayong itinuturing na tayong matuwid dahil sa pananampalataya natin sa ating Panginoong Jesu-Cristo, mayroon na tayong magandang relasyon sa Diyos. MGA TAGA-ROMA 5:1*

Sinasabi sa atin ng Bibliya na lahat tayo ay nagkasala laban sa isang banal na Diyos at mawawalay sa Kanya magpakailanman. Subalit, ang mabuting balita ay manunumbalik tayo sa tamang relasyon sa ating Diyos Ama kung tatanggapin natin si Jesus bilang ating Panginoon at Tagapagligtas. Ayon sa talatang ito, paano tayo magkakaroon ng kapayapaan sa Diyos?

---

---

---

---

## 2 Kapahingahan

*"Lumapit kayo sa akin kayong lahat na nahihirapan at nabibigatan sa inyong pasanin, at bibigyan ko kayo ng kapahingahan."* **MATEO 11:28**

Ang mga eskriba o manunulat at mga Pariseo noong panahon ni Jesus ay nagpapatupad ng mga panuntunan na pabigat lamang sa mga tao, upang makagawa sila ng kanilang kaparaanan patungong langit. Inimbitahan tayo ni Jesus na pumunta sa Kanya sa pamamagitan ng pananampalataya, upang tayo ay mapatawad at magkaroon ng walang hanggang kapahingahan para sa ating mga kaluluwa. Ano ang ipinapagawa sa atin ni Jesus upang mabigyan Niya tayo ng kapahingahan?

---

---

---

---

## 3 Pagkakasundo

*"Purihin ang Diyos sa langit! May kapayapaan na sa lupa, sa mga taong kinalulugdan niya!"* **LUCAS 2:14**

Kung wala si Cristo, tayo ay mga kaaway ng Diyos. Subalit kay Cristo, tayo ay manunumbalik sa Diyos at magkakaroon ng kapayapaan sa Kanya. Gaya ng paghahayag ng mga anghel ng balita tungkol kay Jesus, maaari rin nating ibahagi ang mensahe tungkol sa panunumbalik at kapayapaan kay Jesus sa iba pang tao. Ayon sa 2 Corinto 5:18-20, sino ang ibinalik ng Diyos sa Kanyang sarili sa pamamagitan ng ginawa ni Jesus sa krus?

---

---

---

---

## APPLICATION

- Naunawaan mo ba kung ano ang ginawa para sa iyo ni Jesus sa krus? Ano ang magiging tugon mo sa ebanghelyo, at paano nito mababago ang paraan ng iyong pamumuhay?
- Sa anong bahagi ng iyong buhay ka nangangailangan ng kapayapaan? Ano ang isang bagay na gagawin mo sa ibang kaparaanan simula ngayong linggo, upang magkaraoon ka ng higit pang kapayapaan mula sa Diyos?
- Sino ang maaari mong palakasin ang loob at ipanalangin ngayong linggo? Mag-isip ng isang tao na nangangailangan ng kapayapaan mula sa Diyos. Kung ang taong ito ay hindi pa Kristiyano, ipanalangin na magagawa mong ipangaral sa kanya ang ebanghelyo.

## PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos dahil ibinigay Niya si Jesus, ang *Prinsipe ng Kapayapaan*, sa atin.
- Ipanalangin ang isang kapamilya o kaibigan na nangangailangan ng kapayapaan ng Diyos. Magbigkas ngayon ng mga pagpapala para sa kanya.
- Ipanalangin ang mga bayan na kailangang makaranas ngayon ng kapayapaan ng Diyos. Ideklara na ang pangalan ni Jesus ay maipahahayag hanggang sa dulo ng mundo.



**VICTORY**

© 2015 by VICTORY®  
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®  
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot  
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.  
victory.org.ph